Mga Pampalakas na Bakuna para sa COVID-19

Palakasin ang iyong proteksyon!

PALAKASIN ANG IYONG PROTEKSYON LABAN SA MALUBHANG COVID-19

- Ang binagong (bivalent) mga bakuna ng Pfizer at Moderna para sa COVID-19 ay nakakapagprotekta laban sa original na virus at ilang mga baryante ng Omicron.
- Ang pagkuha ng binagong dosis ng pampalakas na bakuna ay nakapagpapalakas ng iyong imyunidad na maaring humina sa paglipas ng panahon mula noong huli mong bakuna. Ito ay nagbibigay ng mas magaling na proteksyon mula sa pinakamasamang kinalalabasan ng COVID-19.

KUNG ITO AY TUMAGAL NA NG HINDI BABABA SA 2 BUWAN MULA SA IYONG HULING DOSIS, KUMUHA NG BINAGONG DOSIS NG PAMPALAKAS NA BAKUNA (BOOSTER) NGAYON

Inirerekomenda ang isang binagong (bivalent) dosis ng pampalakas na bakuna para sa lahat na may edad 6 na buwan pataas na may isang eksemsyon.

Ang mga batang 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang na nakatapos ng pangunahing mga serye ng bakuna ng Pfizer ay hindi kwalipikado para sa dosis ng pampalakas na bakuna sa ngayon.

Lalo itong mahalaga para sa mga taong edad 65 taong gulang pataas na kumuha ng pampalakas na bakuna.

- Ang binagong pampalakas na bakuna ay dapat na makuha nang hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng pinakahuling dosis ng pangunahing mga serye o ng orihinal na dosis ng pampalakas na bakuna.
- Ang mga epekto pagkatapos ng mga dosis ng pampalakas na bakuna ay katulad ng pagkatapos ng mga pangunahing dosis. Karamihan sa mga epekto ay banayad hanggang katamtaman at tumatagal ng isang araw o 2.
- Ang Novavax na dosis ng pampalakas na bakuna ay magagamit para sa mga taong edad 18 taong gulang pataas na hindi makakakuha ng Pfizer o Moderna na bakuna at hindi pa nagkaroon ng dosis ng pampalakas na bakuna dati. Ibinibigay ito ng 6 na buwan pagkatapos makumpleto ang mga pangunahing serye ng bakuna.
- Pwede kang **kumuha ng bakuna para sa trangkaso ng kasabay** ng bakuna para sa COVID!

ANG MGA PAMPALAKAS NA BAKUNA AY INIREREKOMENDA PA RIN KAHIT NA NAGKAROON KA NA NG COVID

- **Ang pagpapabakuna ay nakakapagbigay ng karagdagang proteksyon**.
- Maghintay hanggang sa matapos na ang iyong pagbubukod bago kumuha ng pampalakas na bakuna. Maaari mo ring isaalang-alang na maghintay ng 3 buwan mula nang magsimula ang iyong mga sintomas o noong una kang nagkaroon ng positibong pagsusuri (kung wala kang mga sintomas). Malabong magkaroon ka ulit ng COVID sa loob ng 3 buwan. At ang mas mahabang oras sa pagitan ng impeksyon at pagbabakuna ay maaari ring magresulta ng mas mahusay na pagtugon ng imyunidad.

ANG MGA BAKUNA AY LIBRE – HINDI MO NA KAILANGAN NG SIGURO (INSURANCE)

- Hindi ka tatanungin tungkol sa katayuan mo sa imigrasyon.

Bisitahin ang **VaccinateLACounty.com** o tumawag sa **1-833-540-0473** para malaman pa ang mas marami.

County of Los Angeles Public Health